Fact sheet 5 – Mga probisyong forensic [Forensic provisions]

Ang *Batas sa Kalusugang Pangkaisipan 2000 [Mental Health Act 2000]* (ang Batas) ay naglalaan ng pamamaraan upang matiyak na nasasaklaw ang pananagutan sa krimen at nasuri ang kaangkupan para sa pag-uusig kapag ang isang hindi boluntaryong pasyente ay kinasuhan ng isang pagkakasala. Ang Batas ay nagbibigay din ng mga pamamaraan para sa mga pagpapasya na isasagawa tungkol sa mga ligal na pagdinig laban sa tao; sa patikular, kung ang mga pagdinig ay pinagpatuloy o hindi pinagpatuloy. Ang mga pamamaraang ito ay nakatakda sa Chapter 7 ng Batas.

Kailan linalapat ang mga probisyong forensic?

Ang pamamaraang forensic ay karaniwang nagsisimula kapag ang isang pasyente ay nasa isang order ng hindi boluntaryong paggamot [involuntary treatment order] o isang order na pang-forensic [forensic order] ay naakusahan ng pagkakamali. Sa sandaling ito, ang Direktor ng Mental Health [Director of Mental Health] ay inaabisuhan at ang mga ligal na pamamaraan ay suspindido.

Ang psychiatrist na nangangalaga sa pasyente ay dapat magbigay ng ulat sa Direktor ng Mental Health tungkol sa lagay ng pagiisip ng tao sa loob ng 21 na araw.

Ang paggamot ba sa tao ay apektado sa panahong ito?

Hindi. Ang tao ay maaaring patuloy na tumanggap ng paggamot sa ilalim ng kanilang *order na hindi boluntaryong paggamot* o *forensic order.* Gayunpaman, kung ang pasyente ay isang classified na pasyente [classified patient], ilalapat ang mga mahahalagang kakailanganin bunga ng classified status (hal. upang magbigay ng pahintulot para sa limitadong community treatment [limited community treatment]). Tingnan ang Fact sheet 4 – *Mga classfied na pasyente [classified patients].*.

Ano ang mangyayari sa ulat ng psychiatrist?

Kapag natanggap na ng Direktor ng Mental Health ang ulat ng psychiatrist, Dapat isangguni ng Direktor ang ulat alinman sa Direktor ng Mga Pampublikong Pag-uusig [Director of Public Prosecutions] o ang Hukuman ng Kalusugang Pangkaisipan [Mental Health Court] para sa isang pagpapasya tungkol sa mga kaso.

Kung ang order sa hindi boluntaryong paggamot o forensic order ay pinatigil bago isinangguni ang usapin sa Direktor ng Mental Health, ang mga ligal na pamamaraan ay muling sisimulan.

Ano ang pinagpapasyahan ng Direktor ng Public Prosecutions?

Isinasangguni ng Direktor ng Mental Health ang mga usapin sa Direktor ng Public Prosecutions kung ang kaso ay:

- isang simpleng paglabag
- isang kahabla-hablang paglabag na hindi likas na seryoso
- isang seryosong paglabag, kung ang Direktor ng Mental Health ay tuwirang naniniwala na ang pasyente ay walang diperensya sa pag-iisip sa panahon ng paglabag at ang pasyente ay nasa tamang katayuan para sa malitis.

Ang Direktor ng Pampublikong mga Pag-uusig ay maaaring magpasya na:

- ipagpatuloy ang paglilitis (ibig sabihin maibalik sa hukuman para ang mga kaso ay mapagpasyahan)
- hindi ituloy ang paglilitis
- ang usapin ay dapat isangguni sa Mental Health Court.

Ang pagpapasya ba ng Direktor ng Public Prosecution ay nakakaapekto sa paggamot ng tao?

Hindi. Ang tao ay maaaring patuloy na tumanggap ng paggamot sa ilalim ng *order na hindi boluntaryong paggamot* o *forensic order.*

Ano ang Mental Health Court?

Ang Mental Health Court ay itinalaga ng Supreme Court Judge na hinirang bilang miyembro ng Hukuman. Ang Hukom ay umuupo (at nagsasagawa ng mga pagpapasya) nang mag-isa, ngunit tinutulungan ng dalawang bihasang mga psychiatrist na nagbibigay payo sa Hukom sa ebidensyang psychiatric.

Ang Mental Health Court ay may mga kapangyarihang maghimasok na nagbibigay-daan upang ang mga usapin ay ganap na masiyasat at mapahintulutan ang Korte na tanggapin ang bagay na maaaring hindi mapahintulutan sa paglilitis sa hukuman. Ang mga pagdinig ay karaniwang bukas sa publiko.

Paano isinasangguni ang mga usapin sa Mental Health Court?

Ang usapin ay maaaring maisangguni sa Mental Health Court ng taong kinasuhan o ng kanilang ligal na kinakatawan, ang Attorney-Heneral [Attorney-General], ang Direktor ng Public Prosecutions o ang Direktor ng Mental Health.

Ang pinagpatungkulan ay maaaring iugnay sa isang tao na may kapansanan sa pagiisip o isang taong may kakulangan sa kakayanan para mag-isip.

Ano ang pinagpapasyahan ng Mental Health Court?

Ang Mental Health Court ay karaniwang nagsasagawa ng mga pagpapasya nang may kaugnayan sa mga kahabla-hablang paglabag, gayunpaman, ang mga simpleng paglabag ay maaari ding matukoy kung ang tao ay kinasuhan nung dalawa.

Ang Korte ay nagpapasya:

- kung ang tao ay may diperensya sa pag-iisip na maiuugnay sa paglabag (ibig sabihin hindi responsable sa krimen)
- kung ang tao ay kasalukuyang nasa tamang katayuan para malitis at, kung ang tao ay wala sa tamang katayuan para malitis, kahit na ang hindi pagkakaroon ng maayos na katayuan ay permanente.

Ang Hukuman ay hindi makakapagsagawa ng pagpapasya tungkol sa pagkakaroon ng diperensya sa pag-iisip kung ang mga pangyayari na may kaugnayan sa paglabag ay kasalukuyang pinagtatalunan.

Anong mangyayari kung ang tao ay napag-alamang angkop para sa paglilitis?

Kung ang tao ay napag-alamang angkop para sa pag-lilitis, ang paglilitis ay pinagpatuloy. Ang tao ay maaaring patuloy na tumanggap ng paggamot sa ilalim ng ipinapatupad na *order na hindi boluntaryong paggamot* o *forensic order.*

Anong mangyayari kung ang tao ay napag-alamang may diperensya sa kaisipan o hindi angkop para sa paglilitis?

Kung napag-alaman na ang tao ay may diperensya sa kaisipan o permanente nang hindi angkop para sa paglilitis, ang mga sumusunod na hakbay hindi pinagpatuloy. Ang Hukuman ay maaari ding magsagawa ng isang *forensic order* para sa tao.

Kung tao ang napag-alamang hindi angkop para sa paglilitis ngunit hindi permanente ang nasabing kalagayan, ang mga mga sumusunod na hakbay ay pansamantalang itinitigil at ang regular na pagsusuri sa kaakmaan ng tao para sa paglilitis na pinangangasiwaan ng Tribunal sa Pagrepaso ng Kalusugang Pangkaisipan [Mental Health Review Tribunal]. Kung ang tao ay naging angkop, ang mga ligal na mga pamamaraan ay pinagpapatuloy. Ang Mental Health Court ay dapat magsagawa ng isang *forensic order* sa pagkakataong ito.

Anong mangyayari kung ang isang forensic order ay nagawa?

Kung ang isang *forensic order* ay nagawa , ang taong nakapiit sa isang pinahintulutang mental health service bilang isang pasyenteng forensic. Ang Mental Health Court ay maaaring sumangayon na ang tao ay may limitadong community treatment.

Ang *forensic order* ay regular na sinusuri ng Tribunal sa Pagrepaso ng Kalusugang Pangkaisipan [Mental Health Review Tribunal] (tingnan ang Fact sheet 6 - *Tribunal sa Pagrepaso ng Kalusugang Pangkaisipan [Mental Health Review Tribunal]*). Ang Tribunal ay maaaring sumangayon sa limitadong community treatment para sa isang pasyenteng forensic at pinagtibay upang mabawi ang forensic order. Mahigpit na pamantayan ang ilinalapat sa mga pagpapasyang ito at ang Tribunal dapat ang may pananagutan sa paggamot na kinakailangan ng tao at kaligtasang komunidad.

Karagdagang Impormasyon

Mental Health Act Liaison Officer
Mental Health Branch
Queensland Health
GPO Box 48
BRISBANE Q 4001

Telepono: 1800 989 451 o 07 3234 0417

Email: mha2000@health.qld.gov.au
Web: www.health.qld.gov.au/mha2000